



ANG KUMPAS NG BUHAY

Liksyon 1 para sa ika-6 ng Abril, 2019

INTRO: Pagbati, Kamusta?

Ang kapanahunan ay isang bagay na pilit kong iniwasan, at marahil ng ilan din sa inyo. Kung tag-araw, ayaw ko ng mainit. Kung tag-ulan naman ayaw ko ng malamig. Noong maliit pa ako ay gusto ko nang tumanda para makapagtrabaho. Tapos ngayon, ayoko namang tumanda agad. Ang bagong serye ng ating liksyon ngayon ay tungkol sa kapanahunan ng Family. Tingnan natin kung ano ang sinasabi ng Biblia tungkol sa paksang ito.

A PAIKOT NA PAGBABAGO

❖ Aayos at kumpas.

- Sang-ayon sa Genesis 1, nilikha ng Dios ang Lupa at binago niya ito mula sa di-ayos tungo sa kasakdalan.
- [Anong importanteng kaloob ang ibinigay ng ating Manlalalang sa sangkatauhan bilang mahalagang bahagi ng kumpas ng ating buhay?](#) (Genesis 2:1-3)
- [Bakit kailangan ni Jesus na ipaalala sa atin na ang Sabado ay ibinigay para sa ating pakinabang?](#)
- [Paano naging pagpapala sa iyong buhay ang kaloob ng linggohang Sabado?](#)

❖ Ang kumpas ng buhay.

- [Ano ang ilang mahahalagang kapanahunan sa buhay sa pagitan ng kapanganakan at kamatayan?](#) Ecclesiastes 3:1-8
- Mayroong ilang kumpas o cycle sa gitna na dalawang sandaling iyon sa ating buhay:
 - (1) Pagkabata (Hukom 13:24; Lucas 2:40).
 - (2) Kabataan (Awit 71:5; 1 Timoteo 4:12).
 - (3) Karampatang gulang (Genesis 41:46; Gawa 7:23).
 - (4) Katandaan (Awit 90:10; Filemon 1:9).
- Ang mga kumpas na iyon ay pareho sa lahat, ngunit hindi pareho ang pamumuhay ng bawat isa. Magkakaiba tayo at nabubuhay

tayo sa iba't ibang yugto. Gayunpaman, bawat isa ay mahalaga at may maikakaloob.

B HINDI-PAIKOT NA PAGBABAGO

❖ Hindi inaasahang pagbabago.

- [Magbanggit ng ilang tao sa Biblia na nakaranas ng mahirap na pagbabago ng kalagayan sa kanilang buhay?](#) (Job, Joseph, Daniel, Jonah)
- Hindi lahat ng pagbago ng kalagayan ay masama, mayroon ding mabuti. [Magbigay ng mga tao sa Biblia na nagbago ang kanilang buhay tungo sa kabutihan?](#) (Esther, Daniel, Joseph)
- [Bakit kailangang alalahanin natin na kasama natin ang Dios, lalo na sa mga di-inaasahang pagbabago ng buhay?](#) (Juan 16:33)

❖ Pagbabago.

- May pagbago din sa ating espiritwal na buhay. Dinadala tayo ng Dios mula sa pagbabalik-loob tungo sa lubos na pagiging ganap na espiritwal (Hebreo 5:12-14).
- May mga pagkakataon na kapansin-pansin ang paggawa ng Dios sa ating buhay. Halimbawa, sina Saulo na naging Pablo, Samuel, at Mariang ina ni Jesus. [Meron ka bang ganong karanasan?](#)

❖ Pakikipag-ugnayan.

- May ibang pagkakataon na mga tao ang naging instrument sa pagbabago ng buhay. (Halimbawa, si Ananias kay Saul (Gawa 9:10-18), Si Felipe sa Bating na taga Etiopia (Gawa 8:26-39)
- [May ginamit ban a tao ang Dios para sa iyong pagbabago o ikaw ang ginamit ng Dios upang mabag ang iba?](#)

PASYA: Gaya ng sinabi ng ating liksyon, saan mang antas tayo napabilang, at ano man ang ating pagkakaiba, lahat tayo ay mayroong maipaglilingkod, hindi lang sa Dios ngunit sa bawat-isa rin.

Ano ang tungkulin na ginagampanan mo sa direksyon ng Dios? Kung hindi ka sigurado, bakit hindi mo hilingin sa Banal na Espiritu ngayon, na ipakita sa iyo kung ano ang nais ng Dios?